



# GUIDE PARA SA MGA BOTANTE NG DISTRITO NG LLOYDMINSTER BY-ELECTION

Sa Marso 31, 2015, ang mga botante ay maghahalal ng bagong kinatawan ng lehislatura (Member of the Legislative Assembly or MLA) para sa distrito ng Lloydminster. Maaari kang makilahok sa demokratikong proseso na ito bilang botante at election worker.

## BAKIT MAGDARAOS NG HALALAN SA AKING LUGAR?

Sa isang panlalawigang general election, ang mga tao ay naghahalal ng kandidato na sa palagay nila ay pinakamahusay na kakatawan sa kanilang distrito bilang MLA. Sa pagitan ng mga general election na ito, ang isang by-election ay idinaraos upang palitan ang isang MLA na nilisan ang Legislative Assembly of Saskatchewan bago pa man matapos ang kanilang termino. Ito ay naganap sa distrito ng Lloydminster noong Setyembre 2014.

Ang isang by-election ay idaraos sa Marso 31, 2015. Ang kandidato na tatanggap ng pinakamaraming boto ang magwawagi at siyang mapapabilang sa iba pang MLA sa Legislative Assembly. Ang by-election na ito ay gaganapin lamang sa distrito ng Lloydminster at tanging eligible voters na naninirahan sa distritong ito ang may karapatang bumoto.

## SINO ANG MGA KANDIDATO?

Bisitahin ang [elections.sk.ca](http://elections.sk.ca) para sa listahan ng mga kandidato.

## SINO ANG MAAARING BUMOTO?

Maaari kang bumoto sa by-election kung ikaw ay:

- 18 taong gulang man lamang sa araw ng by-election; at
- Canadian citizen; at
- Residente ng Saskatchewan ng anim na buwan man lamang bago ang araw na itinawag ang halalan.
- Residente at lehitimong tagaroon (ordinarily resident) sa distrito ng Lloydminster bago ang araw na itinawag ang halalan.

## PAANO AKO MAKAKAREHISTRO UPANG BUMOTO?

Maaari kang magparehistro sa lugar ng botohan sa araw ng by-election. O di kaya upang mapadali ang lahat, maaari kang mapadagdag sa listahan ng mas maaga. Narito kung paano:

- Sasadyain ka ng isang enumerator sa iyong bahay. Sagutin lamang ang ilang katanungan ukol sa iyong karapatan upang bumoto gaya ng iyong araw ng kapanganakan at citizenship. Ganoon lamang. Welcome sa listahan (ng mga botante)!
- Paano kung hindi ka inabutan sa bahay ng enumerator? Makakakita ka ng "Sorry we missed you" card sa iyong mailbox. Sundin ang mga instruction na nakasaad upang mapabilang ka sa listahan.

Sa oras na rehistrado ka na, may karapatan ka nang bumoto. Makakatanggap ka sa mail ng voter identification card bago dumating ang araw ng by-election kung saan nakasaad din ang lugar kung saan ka maaaring bumoto.

## PAANO AKO BOBOTO?

- Personal sa Advance Poll (maagang pagboto). I-tsek ang aming website o local media para sa lugar, petsa at oras.
- Personal sa araw ng by-election. Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa loob ng 11 oras, mula 9 a.m. hanggang 8 p.m. Pakitandaang dalhin ang iyong ID, gaya ng lisensya ng pagmamaneho. Bisitahin ang [elections.sk.ca](http://elections.sk.ca) para sa listahan ng mga awtorisadong ID.
- Kailangan mo bang umalis sa araw ng by-election? Huwag kang mag-alala. Maaari kang mag absentee-voter at bumoto sa pamamagitan ng mail o personal sa Lloydminster Returning Office, 4417-50th Avenue, Lloydminster, SK bago dumating ang araw ng by-election.
- Kailangan mo ba ng tulong sa pagboto? Lahat ng mga lugar sa advance poll at karamihan sa mga lugar ng botohan sa araw ng by-election ay accessible.

May alternatibong format at wika ang guide na ito. Tingnan ang kabilang panig ng guide.

## ANO ANG MANGYAYARI SA LUGAR NG BOTOHAN?

- May election official na sasalubong sa iyo at magtuturo ng polling station mo.
- Ipakita ang iyong ID at ie-ekis ng election official ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante.
- Bibigyan ka ng balota.
- Dalhin ang balota sa likod ng isa sa mga voting screen at markahan ito ng X. Pumili ng isang kandidato lamang.
- Itupi ang balota at ituturo ng election official ang kahon kung saan mo ito ihuhulog.
- Mayroon ding mga magnifying glass, malalaking print ng listahan ng mga kandidato at templates ng mga balota kung sakaling kailanganin mo ng tulong sa pagboto. Maaari ka ring magpasama kung kailangan mo ng tulong sa pagmarka ng iyong balota.

## PAANO AKO MAKAKAPAGTRABAHO SA ELECTION?

Ang pagtatrabaho sa by-election ay isang mahusay na paraan upang suportahan ang demokrasya, palawakin ang iyong network at muling makipag-ugnayan sa mga kaibigan. At kumita!

Naghahanap kami ng mga tao na magtatrabaho ng isang araw sa araw ng by-election at mga ilang araw sa aming returning office. Interesado ka? Bisitahin ang [elections.sk.ca/recruitment](http://elections.sk.ca/recruitment).

Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto sa distrito ng Lloydminster by-election, puntahan ang [elections.sk.ca](http://elections.sk.ca).

## MATATAGPUAN ANG ENGLISH AUDIO VERSION NG GUIDE NA ITO SA ELECTIONS.SK.CA.

This guide is also available in German, Cree, French, Ukrainian and Tagalog. Go to [www.elections.sk.ca](http://www.elections.sk.ca) for this information in one of these other languages.

Diese Broschüre ist auf Deutsch, Cree, Französisch, Ukrainisch und Tagalog erhältlich. Auf [www.elections.sk.ca](http://www.elections.sk.ca) finden Sie diese Informationen in den anderen Sprachen.

Óma masinahikan mína isi masinahikátéw oki kotaka píkwéwína, German, Ininíwíwin, Pákwawisíwíwin, Omayakwésíwíwin éko Tagalog ká itakik. Kikakí itápin [www.elections.sk.ca](http://www.elections.sk.ca) kisáspin kinóté kiskénitén kékwána óma isi oko péyak píkwéwína.

La présente brochure est disponible en allemand, en cri, en ukrainien et en tagalog. Visitez le [www.elections.sk.ca](http://www.elections.sk.ca) pour obtenir l'information dans l'une de ces langues.

Ця брошура доступна наступними мовами: німецька, французька, українська, кри та тагалог. Щоб отримати інформацію на одній з цих мов, просимо відвідати [www.elections.sk.ca](http://www.elections.sk.ca)

Ang polyetong ito ay nasasalin din sa Aleman, Cree, Pranses, at Ukrainian sa [elections.sk.ca](http://elections.sk.ca)

